

まんがでわかる




Tagalog


タガログ語版

自動車整備業の安全衛生

Alamin Mula sa Komiks

Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Pagseserbisyo ng Sasakyan





Okey!
 Ngayong araw na ito,
 pag-aralan natin ang tungkol
 sa kaligtasan at kalusugan sa
 industriya ng pagseserbisyo
 ng sasakyan.



Ang galing ng trabaho
 na ito dahil inaalagaan
 natin ang kaligtasan ng
 mga pasahero.

Oo nga!



Gayunpaman, maraming
 kailangang gawin kapag
 pag-uusapan natin ang
 trabaho ng mekaniko.


Gusto ko tuloy
 malaman.



Ngayon, tingnan natin
 ang sitwasyon ng mga
 aksidente sa trabaho!

Opo!


Ito ang mga pangunahing
 dahilan ng aksidente sa
 trabaho.






Bilang ng mga kaso ng aksidente o pinsala

1	Bumagsak/nahulog	110 na kaso
2	Naipit/nahatak	102 na kaso
3	Nadapa	79 na kaso
4	Naliparan/nabagsakan	56 na kaso
5	Epekto ng aksyon/pinilit na aksyon	54 na kaso

Pinagmulan: "Datos ng Pagsusuri Tungkol sa Aksidente at Pinsala sa Lugar ng Trabaho sa Pagseserbisyo ng Sasakyan" (Nirebisa Agosto 2019) mula sa Japan Industrial Safety & Health Association (Asosasyon para sa Pag-iwas sa Pinsala at Kapahamakan sa Trabaho ng Japan)



Ang daming nabagsak o
 nahulog at mga naipit o nahila
 ng makina, no?



Hindi lang yon. Sa lugar ng ganitong trabaho gumagamit ng panglinis ng piyesa at gasolina na madaling umapoy at magdulot ng sunog.





May panganib din na mapaso sa matataas na temperatura habang nag-iinspeksyon ng makina. Dahil dito kailangan ang palagiang pag-iingat.

Higit sa lahat, ang pag-apoy ay maaring humantong sa malaking aksidente kaya ito ay mapanganib!




Kaya, upang magawa ang trabaho nang ligtas...

...sana ay ihanda ninyo ang mga kagamitan ayon sa patakaran



...at suotin nang tama ang mga ito bago magtrabaho.


Anong uri ng pinsala ang pwede mangyari kapag "bumagsak/nahulog"?



May aksidente kung saan ang mekaniko na nag-iinspeksyon ng sasakyan




ay nahulog mula sa sasakyan habang bumababa sya.




Delikado yun!

Ngayon, puntahan natin ang aktwal na lugar ng trabaho.




Tingnan natin

...saglit.




Halimbawa 1:

Pag-iingat na hwag maipit at sa mga bagay na may mataas na temperatura (Pag-iinspeksyon ng sasakyan/makina)





Ang init!!!



Anong nangyari!?


Mukhang mainit pa ang coolant....



Hindi pa ba na-inspeksyon ang tambutso?

Dapat paandarin ang makina para masiguro.

Okey, handa na!



Paaandarin ko na!

Abala sa inspeksyon ng fan belt

Mag-ingat ka ha.



Mag-ingat ka tuwing bubuksan ang takip ng radiator.

Ako na ang bahala sa natitirang inspeksyon.

Nakasulat pa nga o.

Opo.... Sorry po...



Sayang naman, ipinagkatiwala na sa kin ang trabaho, pumalpak pa ako.



Hindi dapat ako mabigo. Dapat gawin ko ang magagawa ko.



Papaandarin ko na ang makina!

Switch ON!



Ano?



Gumagalaw!?




Ayyy!



Bumuga ang coolant.

Bigla na lang niya pinaandar ang makina habang nag-iinspeksyon ako!

Sinabi ko naman sa iyo!



Anong nangyari!?

M-muntik na mahila ang kamay ko ng fan belt.



熱 Mainit

Ang coolant ay bubuga at lalabas kapag mataas ang temperatura at presyon.

Maghintay kayo hanggang lumamig.



Paaandarin ko na—

動水封

OK!

意思疎通


Kapag nagsalita kayo, dapat din ninyo siguruhin na narinig kayo.

Pag-intindi sa isa't-isa Kung hindi, walang katuturan ang ginawa ninyo.



Naghihiganti ka ba kasi sinabihan kita mag-ingat?

Hindi, hindi, hindi ko gagawin yun!



May nangyari?



Magaling nga kung kayo mismo ang nakaisip na gumawa nito.




Pero sana magtrabaho tayo nang di natataranta at nang tama. Okey?

At mula noon, natuto rin ang baguhan na maniguro muna sa gagawin bago gawin ito.

Halimbawa 2:

Pag-iingat na hwag maliparan/madapa

(Pag-iinspeksyon ng sasakyan: Babang bahagi at ilalim ng sasakyan)






Hilahin ko ang air hose mula sa kisame.




Ayos, epektib....
Tingnan mo naman, natutuyo na...



Pumasok ang alikabok galing sa pad
sa mata at bibig ko!



Ayyy!



Anong nangyari!

Sumabit ang paa ko.



Tapos na ang inspeksyon sa baba at ilalim.

Hala! Ano nangyari sa baguhan?




Wala syang salaming pangkaligtasan!




Dapat sabihin ko sa kanya kaagad.



Ano ito?




Ah, air hose....



May galit ka ba sa akin?

Sorry! Nakapokus kasi ako sa ginagawa ko!



Madaling natatalisod sa air hose. Dapat tingnan natin ang paligid natin at

magbabala sa ibang tao bago magtrabaho.



OK!

Kahit ako nakakalimutan ko minsan na maniguro kung saan ko inilalagay ang paa ko, kaya kailangang mag-ingat.




Sorry!

Hah? Luha? Sobra ba ang pag-sermon ko?




Hindi mo naman kailangan umiyak...

Hindi. Hindi po yun.



Pumasok sa mata ko yung alikabok sa air gun....

Ikaw talaga! Akala ko kung ano na!



Pwedeng lumipad ang spring at alikabok mula sa brake drum at ibang lugar tuwing magtatrabaho sa baba at ilalim ng sasakyan!

Kaya magsuot ng salaming pangkaligtasan!



Nasabihan na rin ako tungkol diyan.








O, ano? Masakit pa rin ang mata mo?


Luha po ito ng pagsisisi.

Ikaw talaga ang gulo mo!

Si boss, namimiss din ang panahon na napagalitan sya nang ganito.


Halimbawa 3:
Pagtatrabaho gamit ang lift
(Ligtas na paggamit ng lift)






Itaas ang lift nang kaunti at siguraduhin hindi umaalog.

Kailangang mag-ingat dahil pwedeng mawala ang balanse!



Kung maiangat nang walang nangyayari, tapos na ang pag-iinspeksyon.


Pero sinasabi ko ngayon, mayroon ka pang "kailangang gawin".




Mahigpit na ipinagbabawal ang "pag-angat ng isang haligi" lamang! Dapat ang harap pati ang likod!

Nakakatakot...

Pwedeng malaglag ang sasakyan at magkaroon ng sobrang bigat sa lift.




Isa pa, kapag may lindol, bilisan ninyong lumayo muna.



Kapag malakas ang pagyanig, maaring bumagsak ang sasakyan.

Magiging malungkot ang pamilya ninyo kapag may mangyari sa inyo.



Maraming salamat, boss!



Okey, ngayong araw, kayong dalawa ulit ang magsagawa ng inspeksyon ng sasakyan.



Okey! Tapos na ang inspeksyon sa makina.




Itaas ang lift at

tingnan ang baba at ilalim!




Maaring malaglag ang sasakyan kapag nakalimutan ang kahit isa lamang bagay sa pag-iinspeksyon.

Kailangan ng maingat magtrabaho!



Okey... Perpekto!



Hay, natapos din nang walang insidente.

Hoy!




Huwag kang mawala sa sarili dahil tapos na ang trabaho mo!

Magbabala ka pag ibababa mo na ang lift!

Ikaw rin! Kapag magtatrabaho sa ilalim ng sasakyan

Ang patakaran ay sabihan mo ang mga tao sa paligid mo!



Itigil mo ang lift!

May nagtatrabaho pa!

O-opo!




Boss... may nalaman ako.


Kapag magtatrabaho ako kasama ang baguhan, balang araw mamamatay ako.

Pasensya ka na talaga!

Pagkatapos nun, ang dalawa ay naging sikat na magka-partner sa trabaho.



Alam nyo na ngayon na ang panganib madalas mangyari sa malapit sa atin.



Yung mga pagkakamali na nakita natin parang katulad ng nangyari sa kilala natin, di ba?

Hm? May sinabi kayo?




Mahalaga ang ating kaalaman at ang pagsunod sa patakaran para sa kaligtasan at kalusugan sa lugar ng trabaho.

Magbalik-tanaw muli tayo sa mga halimbawa.

Mga punto na dapat alahanin tungkol sa industriya ng pagserbisyo ng sasakyan.



1 | Napaso



2 | Naipit/naipit



Naipit sa lift



Nahila ng umiikot na parte, katulad ng fan belt

3 | Naliparan



足廻りと下廻りの作業はブレーキドラムのスプリングやダストが飛んでくる事もあるから保護メガネは絶対しろ!

4 | Bumagsak/nahulog



Nadapa dahil nahila ng air hose



Nalaglag mula sa sasakyan na inangat sa lift

Ang aksidente sa trabaho ay hindi problema ng ibang tao kundi problema natin.



Gusto kong alahanin ninyo na ang pagsunod sa patakaran ay pangangalaga sa ating "sarili", "pamilya" at "pamumuhay".

Mahalaga din ang komunikasyon sa mga kasama sa lugar ng trabaho kung sakaling may mangyari.



Okey! Gagalingan ko sa trabaho araw-araw habang nag-iingat sa aksidente sa trabaho!




Tama Tama


Alamin sa mga drawing at imahe

Alamin natin ang nagtatagong panganib sa lugar ng trabaho!
Pagsasanay sa Pag-iwas sa Panganib
 (Kiken Yochi Training: KYT)

Q Subukan natin isipin kung saan at alin ang mapanganib!



A Ito ang mga mahalagang punto tungkol sa panganib!



- 1** Gamitin ang lift sa tamang paraan.
- 2** Siguraduhing hindi umaalag ang lift bago ito iangat.
- 3** Huwag lumapit sa bumababang lift.
- 4** Huwag sumakay sa loob ng sasakyan na inaangat.

Pag-isipan natin kung mayroon pa bang ibang mahalagang punto tungkol sa panganib.



Alamin Mula sa Komiks

Kaligtasan at Kalusugan sa Industriya ng Pagseserbisyo ng Sasakyan

Inilathala Marso 2020

Naglimbag: Ministry of Health, Labour and Welfare
(Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan)

Nagplano: Mizuho Information & Research Institute, Inc.

Nangasiwa: Kumite sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa

Kaligtasan at Kalinisan sa Lugar ng Trabaho

Grupo sa Paglikha ng Materyales Para sa Pag-aaral Tungkol sa Kaligtasan
sa Mundo ng Pagseserbisyo ng Sasakyan

Lumikha: Sideranch Inc.

Para sa katanungan tungkol sa mga materyales:

Ministro ng Kalusugan, Paggawa at Kapakanan, Kawanihan
ng Pamantayan sa Paggawa, Departamento ng Kaligtasan